SULAT MULA SA TANGGAPAN PARA SA PAGPAPLANO NG PAMILYA, FAMILY PACT PROGRAM NG CALIFORNIA

PAUNAWA TUNGKOL SA HINDI PAGSIWALAT NG IMPORMASYON

May-bisa Abril 14, 2006

Inilalarawan nitong paunawa kung paano maaaring gamitin at isiwalat ang mga impormasyong pangmedikal na tungkol sa inyo at kung paano ninyo makukuha itong impormasyon

MANGYARING BASAHIN ITO NANG MAIGI

ANG HINDI PAGSIWALAT NG IMPORMASYON AT KAYO

Personal at pribado ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan. Kailangang ipaglihim ng Family PACT (Planning, Access, Care, and Treatment [Pagpaplano, Pagkuha, Pangangalaga at Paggamot]) Program ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan. Nakakatanggap kami ng impormasyon tungkol sa inyo kapag nag-aaplay kayo para sa aming mga serbisyo. Pinadadalhan kami ng impormasyon ng inyong mga doktor, klinika, laboratoryo at mga ospital kapag pinaaaprobahan at pinababayaran nila sa amin ang pangangalaga ng inyong kalusugan. Kailangang ipagbigay-alam namin sa inyo itong Paunawa tungkol sa batas na kung paano namin hindi sinisiwalat ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan at kung ano ang inyong mga karapatan.

MGA PAGBABAGO SA PAUNAWA TUNGKOL SA HINDI PAGSIWALAT NG IMPORMASYON

Kailangang sundin ng Family PACT ang mga tuntunin nitong Paunawa. Mary karapatan kaming gumawa ng pagbabago sa aming mga hindi pagsiwalat ng impormasyon at gamitin ito sa lahat ng mga record ng Family PACT. Kung may gagawin nga kaming mga pagbabgo, isusulat namin nang panibago itong Paunawa at ibibigay ito sa lalong madaling panahon sa mga kliyente sa Family PACT Program.

PAANO NAMIN PUWEDENG GAMITIN AT ISIWALAT ANG IMPORMASYON TUNGKOL SA INYO

Kailangang sundin ng Family PACT at ng mga taong nakikipagtulungan sa amin ang mga batas ukol sa kung paano namin ginagamit at isinisiwalat ang impormasyon tungkol sa inyo. Ang inyong pangalan, direksiyon, mga impormasyong personal, mga record na pangmedikal, at ang inyong kasaysayang pangkalusugan ay puwede lamang gamitin o isiwalat sa dahilang may kinalaman sa pamamahala ng Family PACT Program, maliban kung ipinag-uutos sa amin ng batas na isiwalat ang impormasyon.

Kabilang sa ganitong mga dahilan ang:

- Pag-aaproba para maging karapat-dapat makatanggap ng mga serbisyo at kung gaano karaming tulong pangmedikal ang ipagkakaloob
- Pag-aaproba, pagkakaloob, at pagbabayad para sa mga serbisyo ng Family PACT
- Pag-iimbestiga o pag-uusig ng mga kasong may kinalaman sa Family PACT (tulad ng pandaraya)

Isisiwalat ang impormasyon sa Kalihim ng Kagawaran ng mga Palingkurang Pangkalusugan ng Estados Unidos kapag hiniling. Kung nadiagnose kayong may HIV, may mga batas na pinoprotektahan ang mga impormasyon tungkol sa inyo. Susundin ng Family PACT ang mga batas na ito.

Ipinapakit ng mga halimbawa sa ibaba kung paano namin puwedeng gamitin at isiwalat ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan para sa paggamot, pagbabayad, at mga pamamahala ng pangangalagang pangkalusugan:

1. **Para sa paggamot:** Maaaring kailangan ninyo ng reproductive health medical care na kailangang aprobahan nang pauna ng Family PACT. Tatanggap kami ng mga impormasyon mula sa ibang tao at magsisiwalat kami ng mga impormasyon sa ibang tao upang tiyaking tinatanggap ninyo ang pangangalang kailangan ninyo.
2. **Para sa Pagbabayad:** Ang Family PACT at ang mga iba pang nakikipagtulungan sa amin ay tumatanggap, nirerepaso, inaaprobahon, pinoprocess, at binabayaran ang mga claim na pinadala ninyo sa amin para sa mga serbisyong pangmedikal na nauukol sa inyong pag-aanak. Kapag ginagawa namin ito, sinisiwalat namin ang impormasyon sa mga doktor, mga laboratoryo, mga klinika, at sa mga iba pang sinisingil kami para sa kanilang mga serbisyo.
3. **Para sa mga pamamahala ng pangangalagang pangkalusugan:** Maaaring gamitin namin ang mga record ng inyong kalusugan upang tingnan kung mahusay ang mga serbisyong tinatanggap ninyo para sa pangangalagang nauukol sa pag-aanak. Puwede rin naming gamitin ang mga ito para sa mga audit, mga programang ukol sa pandaraya at pag-abuso, pagpaplano, at sa pamamahala ng Family PACT Program.
4. **Para sa Pagiging Karapat-Dapat:** Sinisiwalat namin ang impormasyon tungkol sa inyo sa mga ahensiya ng pamahalaang Pederal at Estado kapag kayo ay nag-aaplay para sa Family PACT upang tiyaking kayo nga ay karapat-dapat makatanggap ng mga serbisyo at para sa mga iba pang dahilan na kaugnay sa pamamahala ng Programa.

MGA IBA PANG PAGGAMIT NG IMPORMASYON TUNGKOL SA INYONG KALUSUGAN

Puwedeng mapilitan kaming isiwalat ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan alinsunod sa isang utos ng hukuman o kapag ipinag-uutos ng batas. Kusang-loob

naming isisiwalat ang impormasyon sa hukuman o sa abogado kung may kinalaman ito sa pamamahala ng Family PACT. Maaaring may kinalaman ang ganitong mga kaso sa pandaraya o sa mga aksyong bawiin ang pera mula sa mga ikatlong partido na may legal na-pananagutan, kapag binayaran ng Family PACT ang inyong mga claim. Puwedeng iapela ninyo o ng inyong doktor, ospital, atbp. ang mga ginawang desisyon ng Family PACT tungkol sa mga claim para sa mga serbisyo para sa inyo. Puwedeng gamitin ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan para magdesisyon ukol sa mga pag-apelang ito.

KAILAN KINAKAILANGAN ANG NAKASULAT NA PAHINTULOT?

Puwedeng gamitin o isiwalat ng Family PACT ang impormasyon tungkol sa inyo sa mga limitadong paraan. Kung sa kailanman ay gustong gamitin ng Family PACT ang impormasyon tungkol sa inyo sa anumang paraan na hindi nakalista sa itaas, kailangang makuha namin ang inyong nakasulat na pahintulot. Kung bigyan ninyo kami ng nakasulat na pahintulot para gamitin o isiwalat ang impormasyon tungkol sa inyo para sa mga iba pang dahilan, puwede ninyong bawiin nang nakasulat ang inyong pahintulot sa anumang oras.

ANO ANG MGA KARAPATAN KO SA HINDI PAGSIWALAT NG IMPORMASYON TUNGKOL SA AKIN?

- Kayo ay may karapatang hilingin sa aming huwag gamitin o isiwalat ang impormasyon tungkol sa inyo na nasa pag-iingat ng Family PACT sa mga paraang nilalarawan sa itaas. Puwedeng hindi namin paunlakan ang inyong kahilingan.
- Kayo ay may karapatang hilingin sa Family PACT na kontakin lamang kayo sa pamamagitan ng sulat o sa naiibang direksiyon, P.O. Box, o numero ng telepono. Pauunlakan namin ang mga kahilingan na makatwiran kapag kinakailangan upang protektahan ang inyohng kaligtasan.
- Kayo ay may karapatang tingnan ang impormasyon tungkol sa inyo na nasa pag-iingat ng Family PACT at makakuha ng kopya nito. Puwede ring tingnan ang impormasyong ito at makakuha ng kopya para sa inyo ang taong may legal na karapatang gumanap para sa inyo (ang inyong hinirang na kinatawan). Ang Family PACT ay may impormasyon tungkol sa inyong pagiging karapat-dapat makatanggap ng mga serbisyo, impormasyon tungkol sa mga singil para sa pangangalaga ng inyong kalusugan, at impormasyong pangmedikal na nauukol sa inyong pag-aanak, na ginagamit namin para aprobahan ang mga serbisyo para sa inyo o para pamahalaan ang pangangalaga sa inyo na nauukol sa inyong pag-aanak. Padadalhan kayo ng form na sasagutan ninyo at sisingilin kayo para sa mga ginastos sa pagpapakopya at pagpapadala sa koreo ng mga record. Sa mga dahilang pinahinhintulutan ng batas, puwede naming hindi ipakita sa inyo ang mga bahagi ng inyong mga record.
- Kayo ay may karapatang hilingin na baguhin ang impormasyon sa inyong mga record kung ito ay hindi tama o hindi kumpleto. Puwede naming hindi paunlakan ang inyong kahilingan kung hindi ang Family PACT ang nagtala o ang nag-iingat ng impormasyon, o kung ito ay naiwasto at kumpleto na. Puwede ninyong hilingin na siyasatin ang aming pagtanggi sa inyong kahilingan o puwede kayong magpadala ng sulat na sinasabing hindi kayo sang-ayon sa aming desisyon. Isasama sa inyong mga record sa Family PACT ang pahayag na ito.
- Kapag sinisiwalat namin ang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan para sa mga dahilang iba pa sa pag-alaga sa inyo, iba pa sa bayad, o sa mga pamamahala ng Family PACT, kayo ay may karapatang humiling ng listahan ng kung kanino namin siniwalat ang impormasyon, kailan, para sa anong mga dahilan, at anong impormasyon ang siniwalat.
- Kayo ay may karapatang humiling ng kopya nitong Paunawa Tungkol sa Hindi Pagsisiwalat ng Impormasyon na nakalimbag sa papel. Makikita rin ninyo itong Paunawa sa aming website sa: www.dhs.ca.gov/privacyoffice.

*****IMPORTANTE*****

ANG FAMILY PACT AY WALANG MGA KUMPLETONG KOPYA NG INYONG MGA RECORD NA PANGMEDIKAL. KUNG GUSTO NINYONG TINGNAN ANG INYONG MGA RECORD NA PANGMEDIKAL, MAKAKUHA NG KOPYA NITO, O GUMAWA NG PAGBABAGO DITO, MANGYARING KONTAKIN ANG DOKTOR O KLINIKA NA INYONG PINAGPAPAGAMUTAN.

PAANO KAMI KONTAKIN PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Kung gusto ninyong gamitin ang alinman sa mga karapatang ipinaliliwag sa Paunawang ito, mangyaring tawagan, sulatan o padalhan kami ng e-mail sa:

Privacy Officer
CA Department of Health Services
P.O. Box 997413, MS 0010
Sacramento, CA 95899-7413
(916) 445-4646 o (877) 735-2929
TTY/TDD
www.dhs.ca.gov/privacyoffice

Upang makakuha ng kopya nitong paunawa na nakalimbag sa mga ibang wika, sa Braille, sa malalaking titik, nasa audiocasette, o nasa computer disk, mangyaring tawagan o sulatan ang Privacy Officer sa numero ng telepono at direksiyon na nakasulat sa itaas.

MGA REKLAMO

Kung sa inyong palagay ay linabag ang inyong mga karapatan tungkol sa hindi pagsisiwalat ng impormasyon tungkol sa inyo, puwede kayong magsampa ng reklamo sa pagtawag sa numero ng telepono na nakasulat sa ibaba o sa pagsulat sa direksiyon na nakasulat sa ibaba o sa pagbisita sa aming website sa: www.dhs.ca.gov/privacyoffice

Privacy Officer
CA Department of Health Services
P.O. Box 997413, MS 0010
Sacramento, CA 95899-7413
(916) 445 4646 or
(877) 735-2929 TTY/TDD

o

Secretary of the U.S. Department of Health and Human Services

Office for Civil Rights

Attention: Regional Manager

50 United Nations Plaza, Room 322 San Francisco, CA 94102

(800) 368-1019

.

WALANG PAGHIHIGANTI

Hindi babawiin ng Family PACT ang inyong tinatanggap na mga benepisyong para sa pangangalagang pangkalusugan o hindi ito maghihiganti sa anumang paraan kung kayo ay magsampa ng reklamo o hindi nito gagamitin ang alinman sa mga karapatang binabanggit sa Paunawang ito.

MGA KATANUNGAN

Kung kayo ay may mga katanungan tungkol sa Paunawang ito at gusto ninyo ng karagdagang impormasyon, mangyaring kontakin ang Privacy Officer, Department of Health Services, sa direksiyon at numero ng telepono na nakasulat sa itaas